

Firipin-go o Firipino-go?: Ang Pangalan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas sa Wikang Hapones

Kenichiro Kurusu

Abstrak

Sa wikang Hapones, mayroong dalawang pangalan para tukuyin ang wikang Filipino: *Firipin-go* at *Firipino-go*. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga pamagat ng mga akdang naka-Hapones at mga opisyal na pahayagan ng mga pamahalaan sa Hapon, tatalakayin ng artikulong ito ang mga sumusunod: (1) anu-anong baryasyon ng pangalan ng Wikang Pambansa ang ginagamit sa wikang Hapones?; (2) ano ang mga problema kung mayroong higit sa dalawang baryasyon sa pangalan ng Wikang Pambansa?; at (3) paano pag-iisahin ang pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones? Una, naipakita ng artikulong ito na magkahalong ginagamit ang higit sa dalawang pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang

Hapones. Pangalawa, problemado ang pagkakaroon ng higit sa dalawang pangalan para sa iisang wika dahil (a) maaaring maging mahirap hanapin ang mga materyales o impormasyon lalo na sa panahon ng Internet, at (b) maaaring makahadlang ito sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng Wikang Pambansa. Samakatuwid, iminungkahi ng artikulo ang mga sumusunod. Una, dapat pag-isahin ang pangalan ng Wikang Pambansa sa *Firipin-go* alinsunod sa kombensyon ng wikang Hapones. Pangalawa, dapat magkaroon ng kamalayan ang mga Hapones sa kanilang paggamit ng terminolohiya kapag binanggit nila ang Wikang Pambansa dahil natatangi sa wikang Hapones ang isyung ito. Sa kasakuluyang lipunan ng Hapon, kung saan umaangat ang presensiya ng wikang Filipino, hindi mainam ang pagbaba ng kadalian sa paghahanap nito. Pangatlo, dapat palakasin ang pagpapakilala kung ano ang wastong pangalan ng Wikang Pambansa hindi lamang sa loob ng Pilipinas kundi sa ibang mga bansa. Bilang kongklusyon, isinasaad ng artikulo na kinakailangang maipabatid ang saloobin ng mga may kapakinabangan sa Pilipinas at Hapon, patungkol sa sitwasyon ng mga wikang pambansa sa ibang bansa upang mapag-isa ang pagtukoy sa Wikang Pambansa ng Pilipinas. Mahalaga ito dahil ang interes at pag-aaral mula sa dayuhang perspektiba ay makakaambag din sa pagpapatibay, pagpapayabong, at pagpapalago ng Wikang Pambansa.

Abstract

In Japanese, there are two names to refer to the Filipino language: *Firipin-go* and *Firipino-go*. This article, by analyzing the titles of books written in Japanese and official documents of governments in Japan, discusses the following: (1) what names of the National Language are used in Japanese?; (2) what could be the problems if there are more than two names of the National Language?; and (3) how could the names of the National Language be unified in Japanese? First, the article has shown that more than two names of the National Language are used interchangeably in Japanese. Second, having more than two language names is problematic because (a) it can be difficult to find materials or information, especially in the age of the Internet, and (b) it can hinder the development and expansion of the National Language. Therefore, the following are proposed. Firstly, the name of the National Language should be unified with *Firipin-go* in accordance with the convention in Japanese. Secondly, the Japanese should be conscious of their use of terminology when they mention the National Language because this issue is unique to Japanese. In modern Japanese society, where the presence of the Filipino language is increasing, the decrease in its searchability is not favorable. Thirdly, it is required to strengthen the dissemination of the appropriate name of the National Language not only in

the Philippines but in other countries. In conclusion, the article claims that it is necessary to communicate the attitude of the stakeholders in the Philippines and Japan regarding the situation of national languages in other countries in order to unify the reference of the National Language of the Philippines. This is important because interest and learning from a foreign perspective will also contribute to the strengthening, enrichment, and growth of the National Language.

Mga Susing Salita: Filipino, Wikang Pambansa, pangalan ng wika, Filipino bilang Wikang Pambansa, pagpaplanong pangwika

1 Introduksyon

Ang Filipino, ang wikang pambansa ng Pilipinas na itinakda sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas noong 1987, ay isa sa mga pinakamahalagang wikang banyaga sa lipunan ng Hapon dahil sa relasyon at kaugnayan ng bansang Pilipinas at Hapon. Halimbawa, ang mga Pilipino ay ika-apat na pinakamalaking pangkat (322,046 o 9.4%) ng mga dayuhang rehistrado sa Hapon noong 2023 (Immigration Service Agency, Japan, 2024). Bukod pa rito, ang mga estudyanteng Pilipino na Filipino ang kanilang wikang kinagisnan ay ang ikatlong pinakamalaking pangkat ng mga dayuhang estudyante sa mga paaralan sa Hapon (Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology, 2021). Dahil dito, Filipino rin ang ginagamit sa mga pampublikong dokumento ng pambansa at lokal na pamahalaan sa Hapon upang tulungan ang mga Pilipinong naninirahan sa Hapon

sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Kinakailangan din ang mga tagasalin sa Filipino at Hapones para sa pulisya, hukuman, pagamutan, at pamayanan. Tinuturo rin ang Filipino para sa mga Hapones sa ilang mga unibersidad at pribadong eskuwelahang pangwika sa Hapon. Sa madaling salita, lalong tumataas ang presensiya ng Filipino sa lipunang Hapon kaysa noon.

Ngunit, sa wikang Hapones, mayroong dalawang pangalan na tumutukoy sa Wikang Pambansa¹ ng Pilipinas: *Firipin-go* (フイリピン語 lit. ‘Pilipinas-wika’), alinsunod sa kombensyon sa wikang Hapones at *Firipino-go* (フイリピンノ語, lit. ‘Filipino-wika’), alinsunod sa nakasulat sa Konstitusyon ng Pilipinas (Ang *-go* ay isang morpema para tukuyin ang ‘wika’ sa wikang Hapones). Halimbawa, tingnan natin ang artikulo sa Wikipedia tungkol sa wikang Filipino sa wikang Hapones, kung saan ilang baryasyon ang nakalagay sa loob ng isang artikulo:

Firipin-go

“***Firipin-go*** (*Firipin-go*, ***Piripino***, ***Firipino***, ***Filipino***) ay wikang pambansa ng Pilipinas, at isa sa mga wikang opisyal na itinakda sa Konstitusyon ng Pilipinas noong 1987 [...] (‘*Firipin-go*’, 2023, akin ang salin at italic).”

Dito sa pamagat at unang pangungusap ng artikulo, nakalista na ang tatlong pangalan: *Firipin-go*, *Piripino-go* ‘Pilipino,’ at *Firipino-go*. Nakikita agad ang di-pagkakatuugma sa pagpapaliwanag. Ang pagkakaroon ng higit sa dalawang pangalan o di-pagkakatuugma ng

¹Dahil tatalakayin ang baryasyon ng pangalan, gagamitin ang terminong Wikang Pambansa sa artikulong ito.

pangalan ng Wikang Pambansa ay maaaring magdulot ng mga suliranin sa praktikal na paggamit at pagpapakalat ng Wikang Pambansa sa bansang Hapon. Samakatuwid, nilalayon ng artikulong ito na talakayin ang sumusunod na mga katanungang pananaliksik: (1) anu-anong baryasyon ng pangalan ng Wikang Pambansa ang ginagamit sa wikang Hapones?; (2) ano ang mga problema kung mayroong higit sa dalawang baryasyon sa pangalan ng Wikang Pambansa?; at (3) paano pag-iisahin ang pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones?

2 Naunang mga Pag-aaral tungkol sa Pangalan ng Wika

Hindi lang sa Filipino ang isyu ng pagkakaroon ng higit sa dalawang pangalan sa isang wika. Kaunti lamang ang mga naunang pag-aaral tungkol sa pangalan ng wika ngunit hindi nagkukulang. Sa seksyong ito, tingnan muna natin ang mga pangkalahatang prinsipyo na iminungkahi ni Haspelmath (2017) at prinsipyo sa wikang Hapones ni Tabayashi (2019) tungkol sa pangalan ng mga wika. Titingnan din natin ang mga parehong kaso kung saan ginagamit ang higit sa dalawang pangalan sa isang wika dahil sa sosyolingguwistikong kalagayan ng mga wika.

2.1 Pangkalahatang Prinsipyo sa Pangalan ng Wika

Nagmungkahi si Haspelmath (2017) ng labing-isang prinsipyo sa pangalan ng mga wika para sa ginagawa nilang panlingguwistikang database (Glottolog.org), isang naka-Ingles na database kung saan dapat may isa lamang pangalan ang bawat isang wika. Pinapakita sa Talahanayan 1 ang mga prinsipyong ito.

Talahanayan 1. Labing-isang Prinsipyo sa Pangalan ng mga Wika, batay kay Haspelmath (2017) (akin ang salin)

- 1 Ang mga pangalan ng wika (tulad ng mga pangalan ng siyudad) ay mga hiram na salita hindi paglilipat-koda
 - 2 Ang mga pangalan ng di-pangunahing mga wika ay hindi tinatrato nang iba sa mga pangalan ng mga pangunahing wika
 - 3 Ang bawat wika ay may natatanging pangalan
 - 4 Ang mga bagong pangalan ng wika ay hindi ipinakilala maliban kung wala sa mga kasalukuyang pangalan ang katanggap-tanggap sa ilang kadahilanan
 - 5 Hindi dapat gamitin ang mga pangalan ng wika na tinututulan ng maraming nagsasalita
 - 6 Ang mga pangalan ng wika sa Ingles ay isinulat gamit ang mga ordinaryong letrang Ingles at iba pang kilalang mga letra
 - 7 Hindi katanggap-tanggap ang mga hindi pangkaraniwang halaga ng pagbigkas ng mga letrang Ingles
 - 8 Dapat na maibigkas ang mga pangalan ng wika para sa mga nagsasalita ng Ingles
 - 9 Ang mga pangalan ng wika ay nagsisimula sa malaking letra
 - 10 Ang mga pangalan ng wika ay maaaring may istruktura ng modifier-head
 - 11 Ang paggamit ng mga kilalang may-akda ay binibigyan ng malaking timbang
-

Bagaman ang mga prinsipyong ito ni Haspelmath (2017) ay nakatutok sa wikang Ingles, may bisa rin ito sa iba pang mga wika ayon sa kaniya, lalo na ang unang apat na prinsipyo na naka-*highlight* sa Talahanayan 1 na umaangkop din sa diskusyon ng artikulong ito.

Sinasaad ng unang prinsipyo na ang mga pangalan ng wika (tulad ng pangalan ng siyudad) ay hiram na salita, at hindi paglilipat-koda. Kombensyonal na salita ang pangalan ng wika, i.e., maaaring magkaiba sa autoglottonym (i.e. ang pangalan ng wika sa wikang ito) ang pangalan ng wika sa isang wika. Halimbawa, *German* ang tawag sa wikang Ingles habang *Deutsch* naman ang tawag sa mismong wikang Aleman; *Japanese*

ang tawag sa wikang Ingles habang *Nihon-go* naman sa mismong wikang Hapones. Inihalimbawa ni Haspelmath na pareho ito sa pangalan ng siyudad, kadalasan hindi paglilipat-koda kundi hiram na salita, e.g., *Manila* sa Ingles, *Maynila* sa Tagalog/Filipino, at *Manira* sa Hapones. Sa madaling salita, puwedeng magkaiba ang pangalan ng wika sa iba't ibang wika at hindi kailangan maging pareho.

Ayon sa ikalawang prinsipyo, ang mga pangalan ng di-pangunahing mga wika ay hindi tinatrato nang iba sa mga pangalan ng mga pangunahing wika. Sa madaling salita, walang kinalaman sa kalakihan ng wika o karamihan ng nagsasalita ang unang prinsipyo. Ang unang prinsipyo ay naaangkop kahit malaki o maliit ang isang wika. Ibig sabihin, puwede ring magkaiba ang pangalan ng kahit anong wika sa ibang mga wika (ngunit, maaaring ibukod ang wika ng nasyon-estado sa mga ibang wika sa kaso ng wikang Hapones: babalikan natin ito sa susunod na seksyon).

Magkakaugnay ang ikatlo at ikaapat na prinsipyo: Bawat wika ay may natatanging pangalan at hindi ipinakilala ang mga bagong pangalan ng wika maliban kung wala sa mga kasalukuyang pangalan ang katanggap-tanggap sa ilang kadahilanan. Dagdag pa rin ni Haspelmath (2017) na “ang mga wikang walang natatanging pangalan o madalas binabago ang pangalan ay mas mahirap matandaan o hanapin (hal. sa internet) [...]” (p. 85, akin ang salin). Sa madaling salita, dapat natatangi ang pangalan ng wika o dapat walang higit sa dalawang pangalan.

2.2 Kombensyon ng Wikang Hapones sa Pangalan ng Wika

Tinalakay ni Tabayashi (2019) ang dalawang kombensyon kung paanong tawagin ang isang wika sa wikang Hapones, depende sa mga estado ng wika (Talahanayan 2). Una, maaaring gamitin ang pangalan ng bansa o rehiyon kasama ang hulaping *-go* (語, 'wika') sa sumusunod na kondisyon: (a) walang pampulitiko o panlipunang kaguluhan sa isang bansa o rehiyon, at/o (b) ang wika ay matatag at mayroong opisyal o pambansang estado sa isang bansa o rehiyon. Ang mga halimbawang wika ay sumusunod: *Furansu-go* 'wikang Pransya,' *Supein-go* 'wikang Espanyol,' *Chuugoku-go* 'wikang Tsina,' atbp. Madalas itong ginagamit sa Hapon dahil malinaw at simple lang ang paraang ito na sinasalamin ang pangalan ng bansa o rehiyon sa pangalan ng wika o vice versa. Alinsunod dito ang katawagang *Firipin-go* dahil *Firipin* din ang karaniwang katawagan sa bansang Pilipinas sa wikang Hapones.

Pangalawa, maaaring gamitin ang pangalan ng etnolingguwistikang grupo kung saan sinasalita ang wika o autoglottonym. Madalas itong nangyayari kapag ang wika ay walang opisyal o pambansang estado, i.e., rehiyonal na wika o hindi kinikilala nang mabuti ang wika sa Hapon. Ang mga halimbawa nito ay sumusunod: *Ainu-go* 'wikang Ainu,' *Maori-go* 'wikang Maori,' *Sami-go* 'wikang Sámi,' atbp. Kasama dito ang mga wika sa Pilipinas, maliban sa Filipino at Ingles: e.g., *Sebuano-go* 'wikang Sebwano,' *Irokano-go* 'wikang Ilokano,' *Hirigainon-go* 'wikang Hiligaynon,' atbp. Alinsunod dito ginagamit ang katawagang *Firipino-go* sa wikang Hapones, dahil *Firipino* ang naka-transcribe na tunog mula sa autoglottonym o nakalagay sa 1987 Konstitusyon.

Talahanayan 2. Ang mga Kombensyon sa Pangalan ng Wika sa Wikang Hapones

Prinsipyo	Halimbawa	Kaso sa Wikang Pambansa
1. Pangalan ng bansa/rehiyon + <i>-go</i>	<i>Furansu-go</i> ‘wikang Pransya;’ <i>Supein-go</i> ‘wikang Espanyol;’ <i>Chugoku-go</i> ‘wikang Tsina,’ atbp.	<i>Firipin-go</i>
2. Pangalan ng etnolingguwistikang grupo o autoglottonym + <i>-go</i>	<i>Ainu-go</i> ‘wikang Ainu;’ <i>Maori-go</i> ‘wikang Maori;’ <i>Sami-go</i> ‘wikang Sámi’	<i>Firipino-go</i>

Subalit, magkakaroon ng isyu ang prinsipyong ito dahil ang wika, bansa, at grupong etniko ay hindi laging nagkakataong magkatulad at hindi puwedeng ihiwalay nang malinaw. Ang kilalang halimbawa nito ay ang mga pangalan ng wikang Koreano sa wikang Hapones gaya ng binanggit ni Tabayashi (2019). Sa Tangway ng Korea, wikang Koreano ang sinasalita sa parehong bansa: Demokratikong Republikang Bayan ng Korea (Hilagang Korea) at Republika ng Korea (Timog Korea), bagaman ang mga heograpikong diyalekto ang naiuulat. Ngunit, sa wikang Hapones, mayroong iba’t ibang pangalan para tukuyin ang wikang Koreano. Ayon sa unang prinsipyo sa wikang Hapones, *Chosen-go* (朝鮮語 ‘wikang Joseon’) o *Kankoku-go* (韓国語 ‘wikang Hanguk’) ang posibleng pangalan, ngunit tinutukoy lang ang isa’t isang bansa dahil nagkaiba rin nang ganap ang pangalan ng dalawang bansa sa wikang Hapones (*Kita-Chosen* ang Hilagang Korea habang *Kankoku* ang Timog Korea). Dagdag pa rito, may diskriminasyong implikasyon

ang *Chosen* 'Joseon' sa ilang mga konteksto. Kaya upang maiwasan ang sosyopolitikal na problema, ginagamit din ang mga sumusunod bilang kompromisong paraan: ang tambalan na *Chosen-Kankoku-go* (朝鮮韓国語 'wikang Joseon-Hanguk'), ang hiniram sa Ingles na *Koria-go* (コリア語 'wikang Korea'), at ang pangalan ng letra na *Han-guru-go* (ハングル語 'wikang Hanguk').

2.3 Ang mga Kaso kung saan Ginagamit ang higit sa Dalawang Pangalan para sa Isang Wika

May iilan din namang mga kaso kung saan higit sa dalawang pangalan ang ginagamit sa pagtukoy sa iisang wika. Halimbawa nito ang wikang Malay sa Indonesia at Malaysia. Kagaya ng Pilipinas, multilingguwal din ang mga bansang Indonesia at Malaysia kung saan sinasalita ang wikang Malay bilang isang lingua franca sa rehiyon. Parehong pinili ng bansang Indonesia at Malaysia ang wikang Malay bilang basehan ng kani-kanilang wikang pambansa dahil sa paglago ng nasyonalismo noong panahon ng pagsakop ng mga dating kolonisador. Ngunit iba-iba ang naging resulta ng kani-kanilang pagpaplanong pangwika, lalo na sa perspektiba ng pangalan ng wikang pambansa.

Sa Indonesia, binigyan ang wikang Malay ng bagong pangalan na *Bahasa Indonesia* sa *Kongres Pemuda Kedua* 'Ikalawang Kongreso ng Kabataan' noong 1928, habang nasasakupan pa ng Olandes (Paauw, 2009). Ang pagpapahayag ng pagbabago (o paglikha) ng pangalan nito ay mayroong simbolikong kahulugan patungo sa kasarinlan ng bansang Indonesia, na may kinalaman sa nasyonalismo (Sneddon, 2003). Hanggang ngayon, itinuturing na matagumpay ang bansang Indonesia sa pagpapatatag at pagpapalawak ng katutubong wika bilang

wikang pambansa (Paauw, 2009). Matatag din ang pangalan nito hindi lamang sa loob ng bansa kundi sa buong daigdig. Ang dahilan nito ay ang sitwasyong panlingguwistika sa bansang Indonesia. Noong pinili ang wikang Malay, sinasalita ito ng limang porsyento lamang ng populasyon sa buong kapuluan, bagaman ito ang pangunahing wika sa pakikipagtalastasan ng iba't ibang etnolingguwistikang grupo at pangangalakal sa buong kapuluan at rehiyon (Sneddon, 2003). Ibig sabihin, walang kinalaman ang wikang Malay sa mga partikular na grupong panlipunan (e.g. wikang Dutch bilang wika ng mga elite) o grupong etniko (e.g., wikang Javanese bilang wika ng pinakamalaking pangkat-etniko). Dahil sa kawalan ng etnisidad, puwedeng maging wikang pambansa nang walang kaguluhan sa pangalan para pag-isahin ang maraming etnolingguwistikang grupo sa buong bansa.

Sa Malaysia naman, pinili rin ang wikang Malay o *Bahasa Melayu* pero hindi binigyan ng bagong pangalan. Itinakda rin ito sa Artikulo 152 (1) ng Konstitusyon ng bansang Malaysia na itinatag noong 1957 (“Federal Constitution of Malaysia”, 2010). Subalit nararanasan pa ng bansang Malaysia ang kaguluhan sa pangalan ng kanilang wikang pambansa. Dahil ito sa malakas na pagkakabit sa etnikong Malay (Coluzzi, 2017). Upang ilayo ang etnisidad ng Malay sa wikang pambansa, pinalitan ito ng bagong katawagan na *Bahasa Malaysia* noong 1969 (Hashim, 2009). Pagkatapos ng paulit-ulit na pagbabago sa pangalan sa pagitan ng wikang Malay at wikang Malaysia (noong 1986 at 2007), nananatiling hindi matatag ang wikang ito para sa buong populasyon at lalo pang ginagamit ang parehong pangalan para tukuyin ang wikang pambansa (Gill, 2005; Coluzzi, 2017).

Sinasalamin din sa wikang Hapones ang paulit-ulit na pagbabago sa pangalan ng wikang Malaysia: *Maree-go* ‘wikang Malay’ o *Mareesia-go* ‘wikang Malaysia’ habang matibay na ang pangalan ng wikang Indonesia: *Indonesia-go*.

3 Ang mga Pangalan ng Wikang Pambansa: Tagalog, Pilipino, at Filipino

Ang Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas gaya ng itinakda sa Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas noong 1987. Ito ang opisyal at tanging pangalan ng wikang Filipino. Ngunit nalilito pa o hindi mapakiwari kung ano nga ba ang pagkakaiba ng mga pangalan nito: Tagalog, Pilipino, at Filipino, dahil sa komplikadong kasaysayan ng Wikang Pambansa. Tinalakay ng ilang mga pananaliksik (Sibayan, 1975; Almario, 1997; Almario, 2014; Tupas, 2015) ang kasaysayan, pagkakaiba, o mga suliranin ng nasabing iba-ibang katawagan ng Wikang Pambansa.

Nagbago na ng dalawang beses ang pangalan ng Wikang Pambansa at komplikado na rin ang mga opisyal na mga pahayag kung saan itinakda ang pangalan at estado ng Wikang Pambansa. Samakatuwid, ang seksyong ito ay maglalagom ng kasaysayan ng (pangalan ng) Wikang Pambansa at ang kasalukuyang pananaw ukol sa pangalan ng Wikang Pambansa.

3.1 Ang Kasaysayan ng (Pangalan ng) Wikang Pambansa

Naranasan ang ilang pagbabago sa pangalan at estado ng Wikang Pambansa ng Pilipinas patungo sa kasalukuyan nitong anyo. Sa

seksyong ito, ibibigay ang pagbubuod ng kasaysayan ng Wikang Pambansa at ang mga pangalan nito.

Ang katutubong wikang Tagalog na ginagamit sa Kamaynilaan at mga kalapit na lugar ang naging batayan ng Wikang Pambansa noong 1937 hanggang 1959. Ang talakayan ng pagbuo ng Wikang Pambansa ay nagsimula noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano, pagkatapos ng higit sa 300 taong kolonisasyon ng mga Kastila. Dahil Espanyol at Ingles ang nagsilbing wikang opisyal o lingua franca na mula sa mga dayuhan, may namuong pagkilos na nagmumungkahi na ang wikang pambansa ay dapat nakabatay sa isang wikang katutubo, kasabay ng patuloy na paglago ng sentimyentong makabayan. Kung gayon, noong 1937, pinili ang Tagalog bilang batayan ng Wikang Pambansa, gaya ng ipinroklama ni Pangulong Manuel L. Quezon. Ang Tagalog o Wikang Pambansa lang ang tanging pangalang tumutukoy sa wikang pambansa.

Pilipino ang ikalawang pangalan ng Wikang Pambansa mula noong 1959 hanggang 1972. Iniutos ito ng Kagawaran ng Edukasyon sa Kautusan Blg. 7 (Department of Education Order No. 7), na may motibasyon na maihiwalay (Almario, 1997) ang Wikang Pambansa sa Tagalog o 'de-ethnicize' (Tupas, 2015) ang Tagalog. Kung gayon, nagkaiba na ang wikang Pilipino sa wikang Tagalog. Ngunit pareho lang naman ang anyo ng dalawa: i.e., ang pangalan lamang ang pagkakaiba. Sa madaling salita, ang Pilipino ay nabigong tanggalin ang pagkaka-etniko ng Tagalog. Kung tutuusin, natanggap nito ang pagpuna mula sa mga kontra Tagalog. Ang pangunahing dahilan ay ang pangalan nito mismo: pagkakasunod ng Pilipino sa pagbigkas at ortograpiya (madalas itong tinutukoy na 'abakada') ng Tagalog.

Sa Tagalog, pinapalitan ang pinagbabatayang ponemang /f/ o ortograpikong letrang *f* sa [p] o *p* lalo na sa mga hiram na salita dahil walang mga ganito sa ponolohiya o ortograpiya ng Tagalog. Kaya naman naituturing pa na ang Pilipino ay hindi naiiba sa pinagbatayan nitong wikang Tagalog.

Para matugunan ang problemang ito, ang katawagang ‘Filipino’ ay nilikha para palitan ang Pilipino. Ang 1973 Konstitusyon ang kauna-unahang gumamit ng katawagang Filipino habang nagtatakda pa na ang Ingles at Pilipino ang wikang opisyal. Ang mga nakalagay sa Seksyon 3, Artiklo XV sa 1973 Konstitusyon ay sumusunod (“The 1973 Constitution of the Republic of the Philippines”, 1973):

(2) “The Batasang Pambansa shall take steps towards the development and formal adoption of a common national language to be known as *Filipino*.” (akin ang italic)

(3) “Until otherwise provided by law, English and Pilipino shall be the official languages.”

Nagdulot ang 1973 Konstitusyon ng di-karaniwang sitwasyon sa pagtalakay ng Wikang Pambansa: kahit na wala pa itong aktuwal na anyo, itinakda na ang Filipino bilang wikang pambansa para tanggalin ang Pilipino.

Sa 1987 Konstitusyon, na may bisa hanggang sa kasalukuyan, muling ginamit ang katawagang Filipino. Binigyan ito ng mas malinaw pang estado at suporta ng Konstitusyon. Narito ang nakalagay sa Seksyon 6, Artiklo XIV (“The Constitution of the Republic of the Philippines”, 1987):

“The national language of the Philippines is *Filipino*. As it evolves, it shall be further developed and enriched on the basis of existing Philippine and other languages. [...]”
(akin ang italic)

Muli, sinubukan nitong ihiwalay ang Wikang Pambansa sa “batik na Tagalog” (Almario, 1997, p. 46). Bukod dito, nilayon nitong higit pang “payamanin at linangin ang Filipino bilang isang Wikang Pambansa sa pamamagitan ng mga katutubong wika ng bansa” (p. 48). Sinimbolo ng pagsama ng letrang *f* sa pangalan ang layon na isasama ang mga salita mula sa mga ibang wika sa Pilipinas na may ponemang /f/, para sa tunay na wikang Pambansa, hindi wika ng mga Katagalugan.

Inilagom sa Talahanayan 3 ang kasaysayan ng pangalan at estado ng Wikang Pambansa ng Pilipinas.

Talahanayan 3. Paglalagom ng Kasaysayan ng Pangalan at Estado ng Wikang Pambansa ng Pilipinas

Taon	Pangalan	Estado	Legal na batayan
1937-1959	Tagalog; Wikang Pambansa	Batayan ng wikang pambansa	Proklamasyon ni Pangulong Quezon
1959-1973	Pilipino	Wikang Pambansa	Kagawaran ng Edukasyon sa Kautusan Blg. 7
1973-1987	Filipino	Wikang pambansa (na walang aktuwal na anyo)	1973 Konstitusyon
1987-kasalukuyan	Filipino	Wikang pambansa at opisyal	1987 Konstitusyon

3.2 Ang Kasalukuyang Pananaw tungo sa Pangalan ng Wikang Pambansa

Dahil sa komplikadong kasaysayan ng estado at pangalan ng Wikang Pambansa, na tinalakay sa nakaraang seksiyon, nalilito pa rin maging ang mga Pilipino patungkol dito. Kung kaya't ang paksang ito ay patuloy na napapabilang sa mga talakayang akademiko at pati na rin di-akademiko.

Halimbawa, nagsagawa si Sibayan (1975) ng pananaliksik tungkol sa paggamit ng wika at pagtingin sa wika sa Pilipinas. Sa kaniyang pag-aaral, apat sa mga limang guro at tatlo sa mga limang householder ay sumagot na pareho lang ang Pilipino at Tagalog. Si Almario (2014) naman ay naglimbag ng bilingguwal na aklat na may pamagat na *Madalas itanong hinggil sa Wikang Pambansa*. Sa aklat na ito, may mga kabanatang pinamagatang *Naiiba nga ba ang Pilipino sa Tagalog?* (p. 44) at *Bakit tinawag na ang wikang Filipino ang wikang Pilipino?* (p. 46). Ipinahihiwatig lamang nito na nakakalito ang diskusyon ng pagbabago ng katawagan ng Wikang Pambansa.

Mayroon ding mga nailimbag na nilalayon para sa pangkalahatang mambabasa, tulad ng mga artikulo nina Kilates (2014a, 2014b, 2014c, 2015a, 2015b, 2015c) at Borlongan (2023). Sumulat si Kilates ng dalawang serye ng column noong 2014 at 2015, sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, para magpaliwanag ng kasaysayan ng Wikang Pambansa, kasalukuyang estado, at pagkakaiba ng Tagalog, Pilipino, at Filipino sa relasyon ng sentimyentong kontra-Tagalog na laganap pa sa mga mamamayan. Halos sampung taon ang nakalipas, tinalakay pa rin sa lingguhang kolum ni Borlongan itong kontrobersiyal na paksa sa Wikang Pambansa upang linawin ang pagkakaipareho at pagkakaiba ng Filipino at Tagalog. Sinasalamain sa isinulat ni Borlongan kung paano nakakalito para sa mga

mamamayan ang pagbabago ng pangalan kasabay ang pagbabago ng estado at legal na basehan.

Sa panlingguwistikang perspektiba, madalas itinuturing na pareho lang ang Filipino (o dating Pilipino) at Tagalog. Si Borlongan (2018) ay isa sa mga bumanggit nito: “bilang isang dalubwikang-panlipunan, ito [Filipino] ay isa pang pangalan lamang ng Tagalog” (p. 71) dahil naiintindihan nga ng mga nagsasalita ng Filipino sa mga nagsasalita ng Tagalog at natural na pamamaraan ang panghihiram mula sa mga ibang wika na pinagdadaan ng kahit anong wika. Samakatuwid, ang madalas tinutukoy na Filipino ay istandarisadong bersyon o barayti ng Tagalog (Lesho, 2018; Cruz & Cheng, 2020; Herrera et al., 2022). Dagdag pa rito, halos palaging ipinapaliwanag sa mga pang-akademikong artikulo kung ano ang pagkakaiba ng Filipino at Tagalog at kasaysayan para linawin ito at maiwasan ang pagkalito bago simulan ang linggwistikong diskusyon (cf. Himmelmann, 2005; Reid & Schachter, 2008; Nagaya & Uchihara, 2021).

Sa madaling salita, pareho ang Filipino sa Tagalog mula sa panlingguwistikang perspektiba, ngunit binigyan ang Filipino ng sosyo-politiko o ideolohikal na tungkulin bilang wikang pambansa ng Pilipinas. Kung kaya’t, magkahalo pa ring ginagamit ang Filipino at Tagalog (at kahit ang dating pangalang Pilipino) upang tukuyin ang Wikang Pambansa.

4 Obserbasyon sa Wikang Hapones

Maliban sa kalituhan at magkahalong paggamit ng Tagalog, Pilipino, at Filipino bilang pangalan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas, mayroong

dalawa pang pangalan upang tukuyin ang Wikang Pambansa ng Pilipinas sa wikang Hapones. Una, ang katawagang *Firipin-go* ay binubuo ng pangalan ng bansa (*Firipin* ‘Pilipinas’) at ng hulaping *-go* ‘wika,’ alinsunod sa kombensyon sa wikang Hapones. Pangalawa, ang katawagang *Firipino-go* ay binubuo ng autoglottonym ng Wikang Pambansa (*Firipino* ‘Filipino’) at ng hulaping *-go* ‘wika,’ alinsunod sa nakasulat sa 1987 Konstitusyon ng Pilipinas.

Sisiyasatin ng seksyong ito kung anong pangalan—*Firipin-go*, *Firipino-go*, o iba pa—ang mas ginagamit sa wikang Hapones para tukuyin ang Wikang Pambansa. Para maimbestigahan ito, sinuri ang mga sumusunod: (1) Ang pamagat ng mga teksbuk at diksiyonaryo na inilimbag sa bansang Hapon, at (2) Ang website o opisyal na dokumento ng mga pambansa at lokal na pamahalaan sa Hapon.

4.1 Ang Pamagat ng mga Teksbuk at Diksiyonaryo na Inilimbag sa Bansang Hapon


Sinuri ang pamagat ng mga teksbuk at diksiyonaryo na nakasulat sa wikang Hapones at inilimbag sa bansang Hapon batay sa koleksyon ng National Diet Library. Ito ay isang pambansang aklatan sa Hapon na naglilikom ng lahat ng mga bagong publikasyon na nailimbag sa Hapon sa pamamagitan ng Legal Deposit System, alinsunod sa National Diet Library Law (National Diet Library, w.p.). Dahil dito, wastong sumangguni sa koleksyong ito upang makita ang aktuwal na paggamit ng pangalan ng Wikang Pambansa sa mga nailimbag na akda. Ginamit ko ang National Diet Library Online Search and Request Service (NDL Online) upang sumangguni sa koleksyon. Nilagay ko sa search box ng NDL Online ang mga sumusunod na

posibleng pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones: フィリピン語 (*Firipin-go* ‘Filipino’), フィリピノ語 (*Firipino-go* ‘Filipino’), ピリピノ語 (*Piripino-go* ‘Pilipino’), at タガログ語 (*Tagarogu-go* ‘Tagalog’). Minarapat kong alisin ang mga artikulo, papel, at librong pang-akademiko sa aking saklaw ng analisis dahil maaaring mayroong partikular na pilosopiyang pangwika o layuning pananaliksik ang mga may-akda sa kanilang napiling gamitin na pangalan. Sa kabuuan, 290 na teksbuk at diksiyonaryo ang sinuri sa analisis.

4.1.1 Pangkalahatang Resulta

Halos pare-parehong ginamit ang *Firipin-go* (61 na akda o 21.0%) at *Firipino-go* (50 o 17.2%) sa mga teksbuk at diksiyonaryo na inilimbag sa bansang Hapon. Ang mga halimbawa sa *Firipin-go* ay フィリピン語入門 (*Firipin-go nyuumon* ‘Introduksyon sa Filipino’) ni Izumi (1982); 日本語-フィリピン語両用会話集 (*Nihon-go Firipin-go ryooyoo kaiwa shuu* ‘Hapones-Filipino dalawahang pag-uusap’) ni Ichikawa (2002); at フィリピン語 (*Firipin-go* ‘Filipino’) ni Oue at Yoshizawa (2012). Ang mga halimbawa naman sa *Firipino-go* ay フィリピノ語テキスト (*Firipino-go tekisuto* ‘Filipino teksto’) ni Tsuda (1988); フィリピノ語のしくみ (*Firipino-go no shikumi* ‘Ang sistema ng Filipino’) ni Shimodaira (2009); at 大学のフィリピノ語 (*Daigaku no Firipino-go* ‘Filipino para sa kolehiyo’) ni Yamashita et al. (2018). Tagalog pa rin ang pinakaginagamit na katawagan (145 o 50.0%) habang Pilipino ang ginamit sa kakaunting mga akda (5 o 1.7%). Ipinapakita ang resultang ito ng Larawan 1.

Binigyan-pansin din ang mga akda na may dalawang pangalan (29 o 10.0%). Sa mga akdang ito, nakalagay ang dalawang pangalan



Larawan 1. Ang Porsyon ng Baryasyon ng Pangalan ng Wikang Pambansa na Ginamit sa mga Akda sa Bansang Hapon (n=290)

sa pamagat: kadalasan, binibigay ang unang pangalan tapos nasa panaklong ang pangalawang pangalan: e.g., *Firipin-go (Tagarogu-go)* ‘Filipino (Tagalog).’ Maaaring ito ay upang mas linawin pa kung tungkol sa anong wika ang tinalakay sa mga akda. Ngunit, magkahalo pa ring ginamit ang *Firipin-go* at *Firipino-go* sa mga kasong ito. Ang mga halimbawa ng mga ito ay binigyan sa Talahanayan 4.

Talananayan 4. Ang mga Halimbawa ng mga Akda kung saan Dalawang Pangalan ng Wikang Pambansa ang Ginamit sa Bansang Hapon (n=29)

Unang katawagan	Pangalawang katawagan	Bilang ng mga akda	Porsyento	Halimbawang akda
<i>Piripino-go</i>	<i>Tagarogu-go</i>	7	24.1%	ピリピノ語(タガログ語)文法(<i>Piripino-go</i> (<i>Tagarogu-go</i>) <i>bunpoo</i> ‘Pilipino (Tagalog) grammar’) ni Moriguchi (1982)

Firipin-go o Firipino-go?

Unang katawagan	Pangalawang katawagan	Bilang ng mga akda	Porsyento	Halimbawang akda
<i>Piripino-go</i>	<i>Firipin-go</i>	2	6.9%	<p>六カ国語 会話 第6 (日本語, 英語, 中国語, 中国語, ピリピン語, ピリピンノ(フィリピン)語, インドネシア語, マレー語) <i>(Rokkakoku-go kaiwa dai 6 (Nihon-go, Ei-go, Piripino (Firipin)-go, Indonesia-go, Maree-go)</i> ‘Pag-uusap sa anim na wika 6 (Hapones, Ingles, Pilipino (Filipino) Indonesia, Malay)’) ng Japan Travel Bureau Foundation Publishing (1989)</p>

Unang katawagan	Pangalawang katawagan	Bilang ng mga akda	Porsyento	Halimbawang akda
<i>Firipino-go</i>	<i>Tagarogu-go</i>	8	27.6%	法律用語 対訳集 フ ィリピ ノ(タガロ グ)語編 (<i>Hooritsu yoogo taiyaku shuu Firipino (Tagarogu)- go hen</i> ‘Bilingguwal na glosaryo sa mga legal na terminolohiya: Edisyon ng Filipino (Tagalog)’ ng Criminal Affairs Bureau, Ministry of Justice (1992)

Firipin-go o Firipino-go?

Unang katawagan	Pangalawang katawagan	Bilang ng mga akda	Porsyento	Halimbawang akda
<i>Firipin-go</i>	<i>Tagarogu-go</i>	12*	41.4%	(フィリピン語 (タガログ語): 大人のイラスト会話集 <i>Firipin-go (Tagarogu-go): Otona no irasuto kaiwa shuu</i> 'Filipino (Tagalog): Libro ng pag-uusap kasama ang larawan para sa mga adulto') ni Kobayashi (2008)


*Kasama rito ang isang libro na baliktad ang pag-aayos ng dalawang pangalan: Tagalog ang una at *Firipin-go* ang pangalawa i.e., *Tagarogu-go (Firipin-go)*

4.1.2 Pagbabago ng Pangalan ng Wikang Pambansa sa Pamagat ng mga Teksbuk at Diksiyonaryo sa Iba't Ibang Panahon

Ang 290 na akdang nasasaklaw ng pananaliksik ay nailimbag simula taong 1942 hanggang 2023. Dahil binago ang pangalan at estado ng Wikang Pambansa noong 1937, 1959, 1973, at 1987, sinuri ko rin kung sinunod ng mga pamagat ng mga akda ang polisiyang pangwikang ito.

Pinapakita sa Larawan 2 ang proporsyon ng baryasyon ng katawagan ng Wikang Pambansa sa mga akdang sinuri alinsunod sa panahon. Noong dekada 1940, anim na teknbuk o diksiyonaryo ang inilimbag sa bansang Hapon. Marahil ang mga ito ay para ihanda ang mga opisyal ng Hapon para sa pananakop nila sa Pilipinas dahil nailimbag ang mga ito noong panahon ng pananakop nila sa Pilipinas (1942-1945). Siyempre, Tagalog lang ang ginamit sa pamagat ng mga akda dahil ito lamang ang katawagan ng Wikang Pambansa noong dekada 1940.

Walang natagpuang mga akda patungkol sa Wikang Pambansa ng Pilipinas sa koleksyon ng National Diet Library mula noong dekadang 1950 hanggang 1970. Noong dekada 1980, makikita ang dalawang akdang may Pilipino sa pamagat bagaman hindi na Pilipino ang katawagan ng Wikang Pambansa matapos maipahayag ang Konstitusyon noong 1973 kung saan ang Filipino ay idineklara bilang pambansang wika ng Pilipinas sa unang pagkakataon. Maaaring ito ay dahil hindi pa umaabot sa bansang Hapon ang sapat na impormasyon tungkol sa bagong stipulasyon ng Wikang Pambansa. Noong dekada 1990 din, makikita ang tatlong akdang may Pilipino sa pamagat. Ngunit, ginamit din ang *Firipin-go* at *Firipino-go* sa panahong ito habang Tagalog naman



Larawan 2. Ang mga Baryasyon ng Katawagan ng Wikang Pambansa sa mga Akdang Sinuri alinsunod sa Panahon (n=290)

ang mukhang mas ginamit noong dekada ng 1990 dahil maraming mga akda ang nailimbag ng parehong may-akda.

Noong pumasok ang ika-21 na siglo, ang tatlong baryasyon ay pareparehong ginamit sa mga akda: Tagalog, *Firipin-go* at *Firipino-go* habang nawala na ang mga akdang may Pilipino sa pamagat. Bagaman maaaring sabihin na kumalat na ang batayang konsepto at pinakabagong estado at pangalan ng Wikang Pambansa sa mga may-akdang Hapones noong dekadang 2000, 2010, at 2020 matapos itong maipahayag ng 1987 Konstitusyon at tatlong dekada na rin ang nakalipas mula nito, Tagalog pa rin ang pinakaginagamit na pangalan at mas magkahalong ginamit ang *Firipin-go* at *Firipino-go* sa pamagat ng mga akda. Sa madaling salita, walang kinalaman sa panahon ng publikasyon ang pagkakaroon ng baryasyon sa katawagan ng Wikang Pambansa.

4.2 Ang Website o Opisyal na Dokumento ng mga Pambansa at Lokal na Pamahalaan sa Hapon

Dahil maraming mga Pilipino ang nakatira sa bansang Hapon, maraming mga website o opisyal na dokumento ng mga pambansa at lokal na pamahalaan ang nililimbag sa Tagalog/Filipino para tulungan ang pamumuhay nila. Kadalasan, ang *top page* o orihinal na dokumento ay sa wikang Hapones, at maaaring piliin ang bersyon sa wikang Tagalog/Filipino o maaaring maakses sa ibang dokumentong naka-Tagalog/Filipino. Kung gayon, sinuri ko kung anu-anong pangalan ang ginagamit dito sa website o opisyal na pahayagan ng mga pamahalaan. Halos pareho lang ang metodolohiya sa naunang pagsusuri: Nilagay ko ang mga sumusunod na posibleng pangalan ng wika sa wikang Hapones: フィリピン語 (*Firipin-go* ‘Filipino’), フィリピノ語 (*Firipino-go* ‘Filipino’), ピリピノ語 (*Piripino-go* ‘Pilipino’), at タガログ語 (*Tagarogu-go* ‘Tagalog’) gamit ang site search function sa website. Sa kabuuan, 65 na ahensiya ang sinuri (18 ang pambansang ahensiya at 47 ang prefektural na pamahalaan).

4.2.1 Pankalahatang Resulta


Ang Talahanayan 5 ay nagpapakita kung anong pangalan ang ginamit sa mga website o opisyal na dokumento ng mga pambansa at lokal na pamahalaan sa bansang Hapon. Tagalog pa rin ang may pinakamataas na paggamit habang pare-parehong ginagamit ang *Firipin-go* at *Firipino-go*. Ngunit, kadalasang ginagamit ang higit sa dalawang pangalan sa bawat isang ahensiya o pamahalaan upang mas malinaw na matukoy

ang wikang may nakakalitong pangalan (kaya, hindi naging 100% ang kabuuang porsyento sa Talahanayan 5).

Talahanayan 5. Ang Porsyon ng mga Baryasyon ng Pangalan ng Wikang Pambansa na Ginamit sa mga Website o Opisyal na Dokumento ng mga Pambansa at Lokal na Pamahalaan sa Hapon (n=65)

	Pambansang ahensiya (n=18)	Lokal na pamahalaan (n=47)	Kabuuan (n=65)	Porsyento
Tagalog	15	47	62	95.4%
<i>Firipin-go</i>	12	31	43	66.2%
<i>Firipino-go</i>	12	31	43	66.2%

Gaya ng nabanggit sa nakaraang talata, hindi pinag-isa ang pangalan ng Wikang Pambansa sa karamihan ng pambansa at lokal na pamahalaan sa bansang Hapon. Pinapakita ng Larawan 3 kung ilang mga baryasyon ng pangalan ng Wikang Pambansa ang ginamit sa website o opisyal na dokumento ng mga pambansa at lokal na pamahalaan sa Hapon. Higit sa 50% na ahensiya o institusyon ng pamahalaan ay magkahalong ginagamit ang tatlong pangalan: Tagalog, *Firipin-go*, at *Firipino-go* habang 30% na ahensiya o institusyon ng pamahalaan naman ang gumagamit ng dalawang pangalan. Maaaring sinusubukang palinawin kung sa anong wika maaaring mabasa ng mga mamamayan ang mga dokumento kaya nakalagay ang higit sa dalawang baryasyon ng pangalan ng Wikang Pambansa dahil ang mga opisyal na pahayagan ng mga pambansa at mga lokal na pamahalaan ay dapat madaling makuhanan ng impormasyon o magamit ang anumang nakalathala sa mga ito.



Larawan 3. Ang Bilang ng mga Baryasyon ng Pangalan ng Wikang Pambansa na Ginamit sa Website o Opisyal na Dokumentong mga Pambansa at Lokal na Pamahalaan sa Hapon

Naobserbahan ang isang natatanging kaso sa isang opisyal na dokumento sa Fukuoka Prefectural Police (2022). Tinukoy ng isang mamamayan na mas karaniwan ang terminong Tagalog kaysa sa *Firipino-go* sa isang pampublikong komento tungkol sa leaflet ng pantrapikong tuntunin sa Hapon para sa mga Pilipino. Sinabi niya na “[...] ang transkripsyon ng ‘Firipin-go’ na ‘Firipino-go’ ay maaaring ‘Tagarogu-go’ sa pangkalahatan” (akin ang salin). Sa madaling salita, lumitaw ang tatlong baryasyon ng pangalan na *Firipin-go*, *Firipino-go*, at Tagalog sa loob ng isang pangungusap na ito. Sumagot naman dito ang Prefektura ng Fukuoka na nakaayon sila sa nakalagay sa website ng Ministry of Foreign Affairs of Japan: “*Firipino-go* ang wikang pambansa. *Firipino-go* at Ingles ang wikang opisyal” (Ministry of Foreign Affairs of Japan, 2023). Malinaw na ipinapakita nito kung gaanong nakakalito

ang maraming pangalan ng Wikang Pambansa sa mamamayang Hapones at Tagalog pa rin ang pinakaginagamit na pangalan.

4.3 Pagbubuod ng Obserbasyon

Sa pamamagitan ng aking pagsusuri gamit ang mga teknbuk, diksiyonaryo, at opisyal na pahayagan ng mga pamahalaan na inilimbag sa bansang Hapon, malinaw ang magkahalo o inkonsistent na paggamit ng baryasyon ng pangalan ng Wikang Pambansa. Maliban sa paggamit ng Tagalog, ang pangalan ng batayang wika ng Wikang Pambansa, parehong ginagamit din ang *Firipin-go* at *Firipino-go*, ang mga natatanging pangalan sa wikang Hapones. Ito ay dahil sa kawalan ng pagkakasunduan sa wikang Hapones kung paano tawagin ang Wikang Pambansa.

Samantala, gaya ng naipakita ng pagsusuri, Tagalog pa rin ang mas madalas gamitin. Sa bansang Hapon, parang mas kinikilala pa ang katawagang Tagalog kaysa sa Filipino (*Firipin-go* at *Firipino-go*) bilang wika sa Pilipinas. Maaaring dahil ito sa (a) malawak na pamilyarisasyon sa katawagang Tagalog bilang wikang kumakatawan ng Pilipinas sa masang Hapon dahil sa matagal na relasyon ng dalawang bansa, at (b) Tagalog pa rin ang ginagamit na katawagan ng mga Pilipinong nakatira sa Hapon na tumutulong sa pagsulat ng mga libro o pagsasalin ng mga dokumento. Sa madaling salita, hindi pa naka-ugat sa Hapon na Filipino na ang katawagan sa wikang pambansa ng Pilipinas. Bagaman kailangan pa ng pag-aaral kung bakit Tagalog ang mas madalas na ginagamit sa Hapon, dahil sa layunin ng artikulong ito, magpopokus ang susunod na seksyon sa mga isyu kapag mayroong dalawang baryasyon sa pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones.

5 Ang mga Suliranin kapag Mayroong Dalawang Baryasyon sa Pangalan ng Wikang Pambansa

Sa seksyong ito, tatalakayin ko na magiging problema ang pagkakaroon ng higit sa dalawang baryasyon sa pangalan ng isang wika batay sa sumusunod na dalawang diskusyon: (1) maaaring maging mahirap hanapin ang mga materyales lalo na sa panahon ng Internet, at (2) nakakalito o maaaring makahadlang sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng Wikang Pambansa.

5.1 Unang Suliranin: Kahirapan sa Paghahanap ng mga Materyales o Impormasyon

Ang unang problema kapag mayroong higit sa dalawang pangalan ang isang wika ay maaaring maging mahirap hanapin ang mga materyales o impormasyon ng Wikang Pambansa, lalo na sa kasalukuyang panahon ng Internet. Naghahanap ang mga mag-aaral ng mga materyales sa pag-aaral. Naghahanap din ang mga Pilipinong nakatira sa bansang Hapon o mga tumutulong sa kanila ng impormasyon tungkol sa kanilang visa, buhay, at edukasyon sa Wikang Pambansa. Kailangan nilang ilagay ang dalawa—*Firipin-go* at *Firipino-go*—sa search engine upang hindi mapapalampas ang mahalagang materyales o impormasyon. Sa katunayan, maraming akda at opisyal na pahayagan ang naglalagay ng higit sa dalawang pangalan upang pataasin pa ang antas ng kadalian sa paghahanap, gaya ng tinalakay sa Seksyon 4. Pinapababa ng pagkakaroon ng higit sa dalawang pangalan ang kadalian at kabilisan ng paghahanap ng materyales at hinahadlangan ang interes ng mga tao sa Wikang Pambansa, gaya ng tinalakay ni

Haspelmath (2017) sa kaniyang labing-isang prinsipyo sa pangalan ng mga wika. Sa madaling salita, dapat natatangi at iisa lamang ang pangalan ng wika para sa kadalian sa paghahanap at pagtanda ng mga nagsasalita at mag-aaral. Sa puntong ito, hindi mainam ang pagkakaroon ng dalawang pangalan ng Wikang Pambansa.

5.2 Ikalawang Suliranin: Nakakalito o Maaaring Makahadlang sa Pagpapaunlad at Pagpapalawak ng Wikang Pambansa

Ang ikalawang problema kapag mayroong higit sa dalawang pangalan ay ang kalituhang maaari nitong idulot at makahadlang sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng Wikang Pambansa. Ang hindi matatag na pangalan at pagiging mahirap hanapin ay maaaring humantong sa kakulangan o mababang kamalayan ng mga tao sa Wikang Pambansa, at ito ay maaaring maging balakid sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng Wikang Pambansa na umuunlad pa bilang wikang pambansa/opisyal ng Pilipinas.

Halimbawa, sina Rakgogo at Van Huyssteen (2018) ang isa sa mga naunang nag-aral sa pagtalakay ng kahinaan ng pagkakaroon ng dalawang pangalan ng isang wika sa bansang Timog Afrika. Matapos nilang imbestigahan ang kalituhan sa pangalan ng wikang *Sepedi* o *Sesotho sa Leboa* (o maaaring tawagin *Northern Sotho* sa Ingles) sa iba't ibang impormatibong dokumento at mga nagsasalita sa nasabing bansa, tinukoy nila na “[...] ang paggamit ng dalawang magkaibang pangalan ng wika ay nagdudulot nga ng kalituhan sa hindi lamang sa nagsasalita

ng wikang *Nothern Sotho* kundi mambabatas [...]” (p. 80, akin ang salin).

Tinalakay naman ni Coluzzi (2017) ang kahalagahan ng mga banyagang mag-aaral sa isang wika lalo na sa pananaw ng pagpaplanong pangwika sa wikang Malay, isang makapangyarihang wika sa bansang Malaysia na isang multilingguwal na bansa. Sinabi niya na “ang interes na ipinakita ng mga dayuhan sa isang wika ay tanda ng prestihiyo na tinatamasa nito, at makakatulong pa ito na patibayin ang katayuan ng wika sa bansa kung saan ito sinasalita” (p. 27-28, akin ang salin). Ang pagkakaroon ng maraming pangalan ng wika ay maaaring magdulot ng kalituhan sa mga dayuhan na gustong matuto ng Wikang Pambansa, na posibleng humadlang sa pagpapatibay ng katayuan nito.

Bago pa at nasa proseso pa lang ng pagpapaunlad ang wikang Filipino kumpara sa mga wikang pambansa ng ibang mga bansa. Ang Filipino ay inaasahan na uunlad pa “sa pamamagitan ng patuloy na paggamit araw-araw ng mga mamamayan” (Almario, 2014, p. 70). Dahil sa katotohanan na mas kilala ang katawagang Tagalog kaysa sa Filipino, ang pagkakaroon ng dalawang pangalan ay maaaring maging balakid sa pagpapaunlad at pagpapalawak ng Wikang Pambansa.

6 Ang mga Mungkahi

Sa mga suliraning nabanggit sa Seksyon 5, at batay sa mga naunang prinsipyo at kombensyon sa pangalan ng wika na tinalakay sa Seksyon 2, iminumungkahi ko ang mga sumusunod: (1) Kailangang pag-isahin ang pangalan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas sa *Firipin-go*, (2) dapat ay magkaroon pa ng kamalayan ang mga Hapones at sila ay maging mas

maingat sa kanilang paggamit ng terminolohiya kapag binanggit nila ang Wikang Pambansa, at (3) dapat palaganapin ang wastong pangalan ng Wikang Pambansa hindi lamang sa loob ng Pilipinas, kundi sa ibang mga bansa na rin.

Una, malinaw na ang paggamit ng iisang pangalan ng wika ay kapwa kapaki-pakinabang sa mismong Wikang Pambansa ng Pilipinas at sa mga Hapones. Maaari ring gamitin ang magkaibang anyo ng autoglottonym at mas natural at kombensyonal sa wikang Hapones ang <pangalan ng bansa/rehiyon + *-go*> para tukuyin ang isang wikang may opisyal na estado, gaya ng inihalimbawa sa Talahanayan 6. Hindi pamilyar ang mga karaniwang mamamayang Hapones sa katawagang *Firipino-go*.

Talahanayan 6. Ang mga Halimbawa ng mga Pangalan ng Wikang Kinakatawan ng Isang Bansa sa Wikang Hapones

Pangalan ng wika sa Hapones	Pangalan ng wika sa Filipino/Ingles	Autoglottonym sa bawat wika
<i>Furansu-go</i>	Wikang Pransya/French	<i>Français</i> [fʁɑ̃sɛ]
<i>Supein-go</i>	Wikang Espanyol/Spanish	<i>Español</i> [espaˈɲol]
<i>Rosia-go</i>	Wikang Rusyan/Russian	<i>русский язык</i> [ˈruskʲɪjɪˈzɨk]
<i>Betonamu-go</i>	Wikang Biyetnames /Vietnamese	<i>Tiếng Việt</i> [tiəŋ˧˥viət˧˥]
<i>Tai-go</i>	Wikang Thai/Thai	<i>ภาษาไทย</i> [pʰāːsǎː tʰāi]

Dagdag pa rito, paulit-ulit ang *Firipino-go* (i.e. autoglottonym + wika) dahil pang-uri na ang morpemang *Firipino* ‘Filipino’ na may kahulugan na ‘Filipino language’ tapos nakakabit pa ang morpemang *-go* ‘wika’ sa wikang Hapones. Samakatuwid, iminumungkahi ko na *Firipin-go*

ang dapat gamitin bilang nag-iisang pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones.

Ikalalawa, dapat mas maging maingat ang mga Hapones sa kanilang paggamit ng terminolohiya kapag binanggit nila ang Wikang Pambansa dahil natatangi sa wikang Hapones ang isyung ito. Walang iniulat na baryasyon sa pangalan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas sa mga wika ng kalapit na mga bansa, i.e., ginagamit lang ang <pangalan ng bansa + wika> sa wikang Tsino at Koreano: 菲律宾语 (*fēilùbīn-yǔ*), 菲语 (*fēi-yǔ*, pinaikli mula sa 菲律宾语), o 菲律宾话 (*fēilùbīn-huà*) sa wikang Tsino habang 필리핀어 (*pillipin-eo*) sa wikang Koreano. Mula sa ponetiko o ponolohiyang perspektiba, kaunti lang ang pagkakaiba ng *Firipin-go* at *Firipino-go* sa pasalitang komunikasyon dahil nagtatapos ang dalawa sa pailong na tunog. Ngunit, nagkakaiba ang mga ito sa pasulat na teksto, lalo na sa mga letrang Hapones at ito ay maaaring maging kahadlangan sa paghahanap lalo na sa Internet. Sa kasakuluyang lipunan ng Hapon, kung saan tumataas ang presensiya ng wikang Filipino, hindi mainam ang pagbaba ng kadalian sa paghahanap. Kung gayon, kanais-nais na ang mga Hapones na gumagamit ng wikang Filipino, tulad ng mga mananaliksik, edukador, at sinumang may kaugnayan sa wikang Filipino ay makipag-ugnayan sa isa't isa upang talakayin ang kinabukasan ng wikang Filipino kasama ang mga dalubwika sa Pilipinas.

Ikatlo, dapat palakasin ang pagpapakilala bilang polisiyang pangwika kung ano ang wastong pangalan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas hindi lamang sa loob ng Pilipinas, kundi sa mga ibang bansa. Tulad ng nabanggit sa Seksyon 2.1, ang patuloy na pagbabago ng pangalan ng wika ay maaaring makaapekto sa katawagan sa wika sa ibang mga bansa. Nakita rin natin ito sa kaso ng wikang Malay o wikang

Indonesia na ang pagbabago o pagkalito sa pangalan ng wika ay maaaring makaimpluwensiya sa kung paano ito tawagin sa ibang wika, lalo na sa wikang Hapones. Batay sa mga ito, mahalaga ang matibay na pangalan ng Wikang Pambansa sa loob at labas ng bansa at ang matatag at malinaw na pangalan ay makakaambag sa pagpapaunlad at pagpapalawak pa ng Wikang Pambansa. Bukod pa rito, makakatulong din ang pagkakaroon ng iisang katawagan upang ipaalam na Filipino na ang wikang pambansa ng Pilipinas dahil, gaya ng nabanggit sa Seksyon 4.3, Tagalog pa rin ang mas madalas na ginagamit.

7 Kongklusyon

Tinalakay ng artikulong ito ang sumusunod bilang tugon sa katanungang pananaliksik. Una, naipakita na mayroong dalawang baryasyon sa pangalan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas sa wikang Hapones: *Firipin-go* at *Firipino-go* batay sa pagsusuri sa mga teksbuk at diksiyonaryong inilimbag sa bansang Hapon at mga opisyal na pahayagan ng mga pambansa at lokal na pamahalaan. Pangalawa, problemado ang pagkakaroon ng higit sa dalawang pangalan sa isang wika mula sa perspektiba ng kadalihan sa pag-akses sa materyales at impormasyon tungkol sa Wikang Pambansa at pagpapaunlad at pagpapalawak nito. Kaya iminumungkahi ko na dapat gamitin ang *Firipin-go* bilang nag-iisang pangalan ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones dahil ito ang mas natural na kombensyon ng pangalan ng wika sa wikang Hapones kung saan <pangalan ng bansa/rehiyon + -go> ang mas pinipili para tukuyin ang wikang may opisyal na estado. Pangatlo, kailangan nating bigyang-pansin ang paggamit ng pangalan

ng Wikang Pambansa sa wikang Hapones. Sa paglalakbay ng Wikang Pambansa sa kaibayuhang-dagat at iba't ibang bansa ay nadala rin nito ang kalituhan sa pangalan nito. Lalo pang pinaigting ang kalituhan na dulot ng kumbensyon ng wikang Hapones sa pagpapangalan ng mga wika, lalo na ng mga wikang pambansa. Kinakailangang maipabatid ang saloobin ng mga kinauukulan at may kapakinabangan sa Pilipinas, gaya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), mga dalubwika sa mga wika sa Pilipinas, at mga Hapones na may kaugnayan sa Pilipinas, lalo na ang mga Pilipinolohista sa Hapon patungkol sa sitwasyon ng wikang pambansa sa ibang bansa upang mapag-isa ang pagtukoy sa Wikang Pambansa ng Pilipinas. Magiging mabuti rin kung ang gobyerno ng Republika ng Pilipinas ang siya mismong magpapabatid sa gobyerno ng Hapon ukol sa problemang pangwika na ito. Mahalaga ito dahil ang interes at pag-aaral mula sa dayuhang perspektiba ay makakaambag din sa pagpapatibay, pagpapayabong, at pagpapalago ng Wikang Pambansa.

8 Mga Sanggunian

- Almario, Virgilio Senadren. (1997). *Tradisyong at wikang Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
- Almario, Virgilio Senadren. (2014). *Madalas itanong hinggil sa Wikang Pambansa*. Komisyon sa Wikang Filipino.
- Borlongan, Ariane Macalinga. (2018). Agenda for sociolinguistics in the Philippines for the 21st century. *Philippine Journal of Linguistics*, 49, 68–74.

- Borlongan, Ariane Macalinga. (2023). Filipino and Tagalog: How similar, how different, or really just one language with two names? *The Manila Times*. <https://www.manilatimes.net/2023/06/04/opinion/columns/filipino-and-tagalog-how-similar-how-different-or-really-just-one-language-with-two-names/1894387>
- Coluzzi, Paolo. (2017). Language planning for Malay in Malaysia: A case of failure or success? *International Journal of the Sociology of Language*, 244, 17–38. <https://doi.org/10.1515/ijsl-2016-0055>
- Criminal Affairs Bureau, Ministry of Justice. (1992). 法律用語対訳集 フィリピノ(タガログ)語編 (*Hooritsu yoogo taiyaku shuu Firipino (Tagarogu)-go hen*) [Bilingguwal na glosaryo sa mga legal na terminolohiya: Edisyon ng Filipino (Tagalog)].
- Cruz, Jan Christian Blaise, & Cheng, Charibeth. (2020). *Establishing baselines for text classification in low-resource languages* [Dataset]. ArXiv. <https://doi.org/10.48550/arXiv.2005.02068>
- Federal Constitution of Malaysia. (2010). <https://www.sprm.gov.my/admin/files/sprm/assets/pdf/penguatkuasaan/perlembagaan-persekutuan-bi.pdf>
- Firipin-go. (2023, Nobyembre 27). Sa *Wikipedia*. <https://ja.wikipedia.org/w/index.php?title=%E3%83%95%E3%82%A3%E3%83%AA%E3%83%94%E3%83%B3%E8%AA%9E&oldid=98184872>
- Fukuoka Prefectural Police. (2022). 次期福岡県自転車活用推進計画(素案)に係るパブリックコメントにおける意見と対応方針 (*Jiki Fukuoka-ken jitensha katsuyoo suishin keikaku (soan) ni kakaru paburikku komento ni okeru iken to taioo hooshin*) [Mga opinyon at patakaran sa pagtugon sa

mga pampublikong komento tungkol sa susunod na plano sa pag-promote ng paggamit ng bisikleta sa Fukuoka Prefecture (draft)].

Gill, Saran Kaur. (2005). Language policy in Malaysia: Reversing direction. *Language policy*, 4(3), 241–260.

Hashim, Azirah. (2009). Not plain sailing: Malaysia's language choice in policy and education. *AILA Review*, 22(1), 36–51.

Haspelmath, Martin. (2017). Some principles for language names. *Language Documentation Conservation*, 11, 81–93. <http://hdl.handle.net/10125/24725>

Herrera, Megan, Aich, Ankit, & Parde, Natalie. (2022). TweetTaglish: A dataset for investigating Tagalog-English code-switching. *Proceedings of the Thirteenth Language Resources and Evaluation Conference*, 2090–2097. <https://aclanthology.org/2022.lrec-1.0>

Himmelman, Nikolaus P. (2005). Tagalog. Sa Alexander Adelaar & Nikolaus P. Himmelman (Pat.), *The Austronesian languages of Asia and Madagascar* (pp. 250–376). Routledge.

Ichikawa, Kyoji. (2002). 日本語-フィリピン語両用会話集 (*Nihongo Firipin-go ryooyoo kaiwa shuu*) [Hapones-Filipino dalawahang pag-uusap]. Nihon Chiiki Shakai Kenkyuujo.

Immigration Service Agency, Japan. (2024). 令和5年末現在における在留外国人数について (*Reiwa 5 nen matsu genzai ni okeru zairyuu gaigokujinsuu ni tsuite*) [Tungkol sa bilang ng mga dayuhang residente sa pagtatapos ng 2023]. https://www.moj.go.jp/isa/publications/press/13_00040.html

Izumi, Hirohisa. (1982). フィリピン語入門 (*Firipin-go nyuumon*) [Introduksyon sa Filipino]. Tairyuusha.

- Japan Travel Bureau Foundation Publishing. (1989). 六カ国語会話 第6 (日本語, 英語, 中国語, ピリピノ(フィリピン)語, インドネシア語, マレー語) (*Rokkakoku-go kaiwa dai 6 (Nihon-go, Eigo, Piripino (Firipin)-go, Indonesia-go, Maree-go)*) [Pag-uusap sa anim na wika 6 (Hapones, Ingles, Pilipino (Filipino), Indonesia, Malay)].
- Kilates, Marne. (2014a). Filipino: A ‘conspiracy’ of non-tagalogs. <https://newsinfo.inquirer.net/628225/filipino-a-conspiracy-of-non-tagalogs>
- Kilates, Marne. (2014b). National language: Filipino or Pilipino? *Philippine Daily Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/626280/national-language-filipino-or-pilipino>
- Kilates, Marne. (2014c). Who killed Tagalog? A different whodunit. *Philippine Daily Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/630450/who-killed-tagalog-a-different-whodunit>
- Kilates, Marne. (2015a). Question of the month: Do we really know Filipino? *Philippine Daily Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/713775/question-of-the-month-do-we-really-know-filipino>
- Kilates, Marne. (2015b). Filipino is no longer Tagalog. *Philippine Daily Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/715880/filipino-is-no-longer-tagalog>
- Kilates, Marne. (2015c). A truly developing Filipino language. *Philippine Daily Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/718016/a-truly-developing-filipino-language>
- Kobayashi, Takeshi. (2008). フィリピン語(タガログ語): 大人のイラスト会話集 (*Firipin-go (Tagarogu-go): Otona no irasuto*)

- kaiwa shuu*) [Filipino (Tagalog): Libro ng pag-uusap kasama ang larawan para sa mga adulto].
- Lesho, Marivic. (2018). Philippine English (Metro Manila acrolect). *Journal of the International Phonetic Association*, 48(3), 357–370. <https://doi.org/10.1017/S0025100317000548>
- Ministry of Education, Culture, Sports, Science and Technology. (2021). 日本語指導が必要な児童生徒の受入状況等に関する調査結果の概要 (Nihongo shidoo ga hitsuyoo na jidoo seito no ukeire jyookyoo ni kansuru choosa kekka no gaiyoo) [Pagbubuod ng resulta ng survey tungkol sa sitwasyon ng pagtanggap ng mga estudyanteng nangangailangan ng pagtuturo ng wikang Hapones]. https://www.mext.go.jp/content/20230113-mxt_kyokoku-000007294_3.pdf
- Ministry of Foreign Affairs of Japan. (2023, Marso 1). フィリピン共和国基礎データ (Firipin Kyoowakoku kiso deeta) [Republic of the Philippines basic information]. <https://www.mofa.go.jp/mofaj/area/philippines/data.html#section1>
- Moriguchi, Tsunekazu. (1982). ピリピノ語(タガログ語)文法 (*Piripino-go (Tagarogu-go) bunpoo*) [Pilipino (Tagalog) grammar]. Daigaku Shorin.
- Nagaya, Naonori, & Uchihara, Hiroto. (2021). Ludlings and phonoogy in Tagalog. *Asian and African languages and linguistics*, 15, 9–20. <https://doi.org/https://tufs.repo.nii.ac.jp/records/1586>
- National Diet Library. (w.p.). *Material acquisition*. <https://www.ndl.go.jp/en/collect/index.html>
- Oue, Masanao, & Yoshizawa, Jenny. (2012). フィリピン語 (*Firipin-go*) [Filipino]. Osaka University Press.

- Paauw, Scott. (2009). One land, one nation, one language: An analysis of Indonesia's national language policy. *University of Rochester Working Papers in the Language Sciences*, 5(1), 2–16.
- Rakgogo, Tebogo Jacob, & Van Huyssteen, Linda. (2018). Exploring the Northern Sotho language name discrepancies in informative documentation and among first language speakers. *South African Journal of African Languages*, 38(1), 79–86.
- Reid, Lawrence, & Schachter, Paul. (2008). Tagalog. Sa Bernard Comrie (Pat.), *The world's major languages* (2nd, pp. 833–855). Routledge. <http://hdl.handle.net/10125/33012>
- Shimodaira, Hideki. (2009). *フィリピン語のしくみ (Firipino-go no shikumi)* [Ang sistema ng Filipino]. Hakusuisha.
- Sibayan, Bonifacio Padilla. (1975). Survey of language use and attitudes towards language in the Philippines. Sa Sirarpi Ohannessian, Charles A. Ferguson, & Edgar C. Polome (Pat.), *Language surveys in developing nations. Papers and reports on sociolinguistic surveys* (pp. 115–143). Center for Applied Linguistics.
- Sneddon, James. (2003). *The Indonesian language*. University of New South Wales Press Ltd.
- Tabayashi, Yoichi. (2019). 言語の命名に関する諸問題—主に朝鮮半島の言語を巡って— (gengo no meimei ni kansuru shomondai: Omoni Chosen Hantoo no gengo o megutte) [Mga isyung nauugnay sa pagpapangalan ng wika: Nakapokus sa wika ng Korean Peninsula]. 東北大学 言語・文化教育センター 年報 (*Tohoku daigaku gengo bunka kyooiku sentaa nenpoo*) [*Center for Culture and Language Education, Tohoku University*], 4, 41–46. <http://hdl.handle.net/10097/00131829>

- The 1973 Constitution of the Republic of the Philippines. (1973). <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1973-constitution-of-the-republic-of-the-philippines-2/>
- The Constitution of the Republic of the Philippines. (1987). <https://www.officialgazette.gov.ph/constitutions/1987-constitution/>
- Tsuda, Mamoru. (1988). フィリピン語テキスト (*Firipino-go tekisuto*) [Filipino teksto]. Osaka University of Foreign Studies.
- Tupas, Ruanni. (2015). The politics of ‘p’ and ‘f’: A linguistic history of nation-building in the Philippines. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 36 (6), 587–597.
- Yamashita, Michiko, Casel, Leith, & Takano, Kunio. (2018). 大学のフィリピン語 (*Daigaku no Firipino-go*) [Filipino para sa kolehiyo]. Tokyo University of Foreign Studies Press.

Pasasalamat

Ang artikulong ito ay nakabatay sa aking mga presentasyon sa *Gengogaku Fesu 2023* ‘Linguistics Festival 2023’ na ginanap online noong ika-30 ng Enero, 2023 at 15th Philippine Linguistics Congress na ginanap sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman noong ika-24 ng Agosto, 2023. Maraming salamat po sa mga nagtanong at nagkomento. Nais ko ring pasalamatan sina Ariane Borlongan, Ronel Laranjo, at Masanao Oue sa kanilang mga nakakatulong na mungkahi at payo sa unang borador ng artikulong ito, at si Hazuki Iijima tungkol sa kalagayan ng wikang Malay, sina Kyung Min Bae at Sang Min Choi tungkol sa katawagan ng Wikang Pambansa ng Pilipinas sa wikang Koreano, at si Di Wu tungkol sa katawagan sa Mandarin.